

Investment (Luke 19:11-27)

Part 43 of *The Story of Jesus* | August 10, 2014

Problem: Failure of Stewardship

Sinasayang natin ang oras natin kapag mahabang panahon ang ginugugol natin sa mga gawaing wala namang kabuluhan. Sinasayang natin ang pera natin kapag ginugugol natin ito sa mga bagay na di naman natin kailangan at ipinagdadamot sa mga nangangailangan. Sinasayang natin ang lakas at abilidad natin kung madalas nakatunganga lang tayo at hindi pinagsisilbihan ang mga nangangailangan ng tulong natin. Sinasayang natin ang mga relasyon natin kapag kaunting problema lang o conflict, sumusuko tayo agad at di man lang mag-exert ng effort na abutin ang isang tao. Sinasayang natin ang mga oportunidad na dumaraan sa buhay natin kapag hindi natin ito sinasamantala para mabigyang karangalan ang Diyos sa buhay natin.

Hindi ito mga “small things” na nasasayang. Kahit ang papisu-pisong itinatapon mo araw-araw, nagiging milyong piso ang nasasayang pagtagal. Ayaw nating lumaon ay masayang ang buhay natin.

Sasabihin ng iba, “Anong pakialam mo? Buhay ko ‘to! Ako ang may karapatan kung ano ang gagawin ko dito.” Talaga? Sino nagsabing pagmamay-ari mo ang buhay mo at lahat ng nasayo? God owns everything you have. God owns your life. God owns you. He is your Creator. He is your Redeemer. You are a steward. Katiwala, hindi may-ari. There’s a huge difference. “A steward is someone entrusted with another’s wealth or property and charged with the responsibility of managing it in the owner’s best interest. A steward is entrusted with sufficient resources and the authority to carry out his designated responsibilities” (Randy Alcorn, *Money, Possessions and Eternity*, Kindle location 3095).

Ang Diyos ang may-ari ng kayamanan, kakayahan, at kabuhayang meron ka. Gamitin mo iyan sa paraang ayon sa kagustuhan at para sa karangalan ng nagmamay-ari sa iyo. So, **instead of wasting your life** (that includes your God-given strength, money, time, skills, relationships and opportunities), **be busy investing it.**

Ito ang pagkakaabalahan natin ngayon sa pag-aaral ng Luke 19:11-27. At kung mapapansin n’yo, nauulit ang ganitong klaseng tema sa mga katuruan ng Panginoong Jesus. Sa Luke 12:13-34, itinuro sa atin kung paano tayo magiging mabuting katiwala ng pera sa pamamagitan ng pagbibigay. Sa Luke 16:1-18, itinuro na naman niya kung paano tayo magiging mga tapat na lingkod at mga katiwala. Paulit-ulit itong itinuturo niya kasi napakahalaga, at kailangan natin ng malaking tulong pagdating dito.

Gospel Foundation: The Mission of Jesus

Alam ni Jesus na kailangan ng ganitong lesson ng mga tagasunod niya, kasama doon si Zaqueo na baguhan pa lang (19:1-10) at mga taong nakikinig kay Jesus at hindi pa nagpapasyang sumunod sa kanya. Gumamit siya ng isang kuwento, isang talinghaga. Bakit? Dahil dito: “Si Jesus ay malapit na noon sa Jerusalem at inakala ng mga tao na magsisimula na ang paghahari ng Diyos” (v. 11). Ang Jerusalem ay hindi lang religious capital (dahil nandoon ang templo) kundi political capital din (seat of government). Akala kasi ng mga Judio, ang pagdating ng Messiah, ang Redeemer-King na ipinangako ng Diyos, ay nangangahulugang magseset-up agad siya ng political, physical kingdom tulad ng sa kasaysayan ng Israel noon. At kasama doon, patatalsikin ang mga Romano na namamahala sa kanila. Kahit nang oras na namatay ang Panginoon at muling nabuhay, hirap pa ring maalis ito sa isipan ng mga disciples niya (“Panginoon, itatatag na po ba ninyong muli ang kaharian ng Israel?”, Acts 1:6).

Ang ikinuwento ni Jesus dito ay panghuli na sa kanilang paglalakbay sa Jerusalem (9:51-11:27). Nasa Jerico na siya, 25 km na lang, ilang oras na lang nasa Jerusalem na. Masasaksihan ng mga disciples niya kung paanong si Jesus ay kukutyain, itatakwil, duduraan, hahagupitin at papatayin sa pamamagitan ng pagkapako sa krus, tulad ng ilang ulit na niyang sinasabi sa kanila (18:31-34). Kung mangyari iyon, baka maisip at maramdaman ng mga disciples niya na nasayang ang mga taon, mga oportunidad, mga relasyon, mga pinagpagurang ministryo ng Panginoon kasama ang mga disciples niya.

Ang tanong, sayang nga ba? Patungkol sa nalalapit na kamatayan ni Jesus, siya mismo ang nagsabi: “Pakatandaan ninyo: hangga’t hindi nahuhulog sa lupa ang butil ng trigo at mamatay, mananatili itong nag-iisa. Ngunit kung ito’y mamatay, mamumunga ito nang sagana” (Juan 12:24). It was not wasted. He invested it. Para sa atin. Hindi ba’t iyon ang misyon niya, “To seek and to save the lost” (Luke 19:10). At maililigtas lang tayo kung ibibigay niya ang kanyang buhay para humalili sa atin (our substitute) at para tubusin tayo sa ating mga kasalanan. “Sapagkat ang Anak ng Tao ay naparito hindi upang paglingkuran kundi upang maglingkod at upang mag-alay ng kanyang buhay para sa ikatutubos ng marami” (Mark 10:45).

Identity: Whose Side are You On? With Jesus or Against Jesus?

We don’t waste our life and all the resources God has given us. We invest it for his kingdom purposes. Binigyan tayo ni Jesus ng halimbawang susundan natin. Iyon ay kung tayo ay mga tunay na tagasunod ni Jesus. Iyan ang ibig sabihin ng pagiging disciple. At ito ang gusto ni Jesus na makita natin na identity natin sa ikinuwento niya. Verses 12-13, “May isang maharlikang (ESV “nobleman”; ASD “kilala at mayamang tao”) pumunta sa malayong lupain upang ito’y gawing hari, at pagkatapos nito, siya ay babalik. Subalit bago siya umalis, tinawag niya ang sampu sa kanyang mga alipin at binigyan ang mga ito ng tig-iisang gintong salapi. Sinabi niya sa kanila, ‘Ipangalalal

ninyo iyan hanggang sa aking pagbabalik.”

Si Jesus ang “nobleman” na tatanggap ng kaharian. Ang sampung aliping tinawag niya ay kumakatawan sa lahat ng mga disciples niya, o at least lahat ng mga taong nagsasabing sila ay tagasunod ni Jesus. Kung ikaw ay disciple ni Jesus, ikaw ay alipin (Gk. *doulos*). You are not a volunteer. Hindi ka lang isang lingkod o tagapagsilbi o tauhan o empleyado. Alipin, ibig sabihin, ang buhay mo ay pag-aari ng Panginoon. Ang ginagawa mo ay sang-ayon sa kanyang kalooban. Ang hangarin mo ay bigyang-karangalan ang Master mo (Gal. 1:10).

Tayo ay kay Jesus. Siya ang hari ng ating buhay. Hindi tayo tulad ng mga tauhan sa kuwento na ayaw sa paghahari ni Jesus. Verse 14, “Ngunit galit sa kanya ang kanyang mga nasasakupan, kaya’t nagsugo sila ng kinatawan upang sabihin sa kinauukulan, ‘Ayaw naming maghari sa amin ang taong iyon.’” Ito ang marami sa mga Judio, kabilang ang mga religious at political leaders nila. Dumating si Jesus para sa kanila, pero hindi siya tinanggap ng kanyang sariling bayan. Sila ang nagpapatay kay Jesus na parang isang kriminal. Ipinako nila sa krus ang Mesiyas, na dumating para sana iligtas sila. Alam natin ang sasapitin ng mga taong ito na hindi kumikilala sa kanya. Sa kanyang pagbabalik, sinabi mismo ni Jesus, verse 27, “Tungkol naman sa mga kaaway kong ayaw na ako’y maghari sa kanila, dalhin ninyo sila rito at patayin sa harap ko!” They will suffer eternal punishment, burning in hell forever.

Hangga’t di pa dumarating ang araw na iyon, hangga’t di pa huli ang lahat, meron tayong dapat gawin. Ano iyon?

Action: Investing for the Kingdom

Sa unang pagdating ni Jesus, dumating na ang kaharian, pero hindi pa lubos iyon. Malulubos iyon sa kanyang pagbabalik. Sabi sa kuwento, verse 12, “siya ay babalik.” At ito ang sabi niya sa mga alipin niya na dapat nilang gawin habang sila ay naghihintay sa kanyang pagbabalik, verse 13: “Bago siya umalis, tinawag niya ang sampu sa kanyang mga alipin at binigyan ang mga ito ng tig-iisang gintong salapi. Sinabi niya sa kanila, ‘Ipangalakal ninyo iyan hanggang sa aking pagbabalik.’” Malaki ang pagkakatulad nito sa Parable of the Talents sa Mateo 25:14-30. Ang isang pagkakaiba ay may kinalaman sa halaga ng perang ibinigay sa mga alipin o tauhan. Sa Mateo 25, magkakaibang halaga ang ibinigay. Pero dito sa Luke, “tig-iisang gintong salapi” (10 minas for 10 servants). Ang isang “mina” ay katumbas ng tatlong buwan ng karaniwang suweldo. Maaring magkakatulad ang ginamit ni Jesus na halaga sa kuwentong ito para bigyang-diin ang isang buhay na lahat tayo ay meron, hindi ang magkakaibang kayamanan, kakayahan, edukasyon, o talento natin.

Ang nag-iisang buhay na meron tayo ay dapat iinvest natin para sa kaharian ng Diyos, at huwag sayangin. “Ipangalakal n’yo iyan.” Ang salitang ito (Gk. *pragmateuomai*) ay dito lang

ginamit sa New Testament. Ibig sabihin, “engage in business” (ESV), trade, make profit. Tulad ng isang trader o negosyante na pinaglalaanan ng oras, atensiyon, pagpapalano, istrategiya ang kanyang negosyo para lumaki, para dumami, para kumita nang mas malaki, ganoon din dapat sa buhay at anumang meron tayo na ipinagkatiwala ng Diyos sa atin.

Sa simula’t simula pa, binigyan tayo ng Diyos ng buhay para “magpakarami”: “Magpakarami kayo at punuin ninyo ng inyong mga anak ang buong daigdig, at kayo ang mamahala nito” (Gen 1:28). Niligtas tayo ng Diyos para rin mamunga nang marami: “By this my Father is glorified, that you bear much fruit and so prove to be my disciples” (Joh 15:8 ESV). Na ito ang intensyon ng Panginoon para sa buhay ng lahat sa atin ay malinaw sa halimbawa ng unang dalawang aliping ipinatawag ng Panginoon nang siya ay nagbalik na. Ang una, verse 16, ay “tumubo ng sampu.” Kung meron ka ngang 50% return sa investment mo, malaki na iyon. Pero ito ay 1000%! Wow, big time! Ang pangalawa naman, verse 18, ay “tumbubo ng lima.” Malaki din, 500%! This is “much fruit” and God is much glorified with this.

Meron tayong false humility na mga Pilipino na isang dahilan marahil kung bakit marami ang hindi umaasenso sa buhay. Sasabihin ng iba, “OK na sa ‘kin ang kaunting kita. Puwede na ‘to.” Pero pagdating sa investing our life for the Kingdom, hindi puwede ang puwede na. Our heart’s desire is more glory to God, mas makilala’t mas mapapurihan siya ng maraming tao. Kung ang buhay natin ay iinvest natin para mag-multiply ng lima, sampu, dalawampu, iyon ang ambisyunin natin. Hindi puwede ang puwede na.

Our primary motivation must be the glory of God. Pero malinaw sa kuwento na ito rin ay para sa ating best interest. For God’s glory and for our good. Ganyan kabuti ang Diyos natin. Para tulungan tayo na makasunod at makapagcommit sa kanya, he gives us extra motivation, parang mga magulang sa mga anak natin. He promised more eternal rewards for those who are more faithful.

Motivation: Eternal Rewards as Future Grace

Oo nga’t ngayon pa lang rewarding na ang iinvest ang buhay natin para maabot at maakay ang ibang tao sa pagsunod kay Jesus (disciple-making). Nandoon iyong joy at overwhelming presence ng Diyos. But there is so much more in store for us. Garantisado ang mga gantimpalang ito na matatanggap natin sa pagbabalik ni Jesus. Malinaw ito sa kuwento na may Judgment Day na magaganap para suriin kung gaano tayo naging tapat ka mga katiwala. Sabi sa kuwento ni Jesus, verse 15, “Nang makabalik na siya at nagsimulang maghari, ipinatawag niya ang mga aliping binigyan ng gintong salapi, upang malaman kung magkano ang tinubo ng bawat isa.” We are all accountable to Jesus for how we use our life.

At dito din nakadepende kung gaano kalaki ang reward na matatanggap natin. Sa unang alipin

na tumubo ng sampung beses, anong sabi niya? Verse 17, “Magaling. Mabuting alipin! Dahil naging tapat ka sa kakaunting ipinagkatiwala sa iyo, pamamahala kita sa sampung lunsod.” Hindi ba’t napakasarak marinig noon? At higit pa doon, bibigyan tayo ng authority na mamahala. We will reign with him! At ang authority na ibibigay sa atin ay nakadepende kung paano tayo naging tapat ngayon! Di ba’t sabi naman niya sa pangalawa na tumubo ng limang beses, verse 19, “Mamahala ka sa limang lunsod.”

Yes, salvation is by grace through faith. Lahat tayo na mga tagasunod ni Jesus ay patungo sa Langit at buong-buong mararanasan natin ang kagalakan na nasa presensiya niya. Pero dahil sa itinuturo ni Jesus dito, hindi natin puwedeng sabihing, “Mapupunta naman na ako sa langit, iyon naman ang pinakamahalaga, wala namang kaibahan kung naging faithful ako ngayon o hindi.” Never, never say that. Our faithfulness as stewards in this life will greatly affect how we live our lives in eternity. Sabi ni Randy Alcorn:

No matter how we attempt to explain it, no matter how uneasy it makes us, it’s a fact that the doctrine of differing rewards and differing positions in heaven means we will have different experiences in heaven. These eternal experiences are presently being forged in the crucible of this life. What I do with my money and possessions here and now will significantly affect my eternal experience in heaven. (*Money, Possessions and Eternity*, Kindle locations 2835-2837).

Hindi ito salvation by works. Ang rewards na ipinangako niya ay by grace pa rin. Gusto niyang ipakita na he is a generous giver. Kahit pa wala siyang obligasyang gawin iyon, gagawin niya para sa atin. Walang masasayang sa oras, lakas, talento at buhay na inilaan natin para paglingkuran ang Panginoon.

“Gagantimpalaan ng Panginoon ang bawat mabuting gawa ninuman” (Eph. 6:8).

“Sa panahong iyon, bawat isa’y bibigyan ng Diyos ng angkop na parangal” (1 Cor. 4:5).

“Kapag iniwan ninuman ang kanyang tahanan, mga kapatid na lalaki at babae, ama, ina, mga anak, o mga lupain alang-alang sa akin ay tatanggap siya ng sandaang ibayo (10,000% return!) at pagkakalooban siya ng buhay na walang hanggan” (Matt. 19:29).

“Mapalad kayo kung dahil sa inyong pagsunod sa Anak ng Tao ay kinapopootan kayo, ipinagtatabuyan at nilalait ng mga tao, at pinagbibintang kayo ay masama. Magalak kayo at tumalon sa tuwa kung gayon ang mangyari sa inyo, sapagkat malaki ang inyong gantimpala sa langit” (Luke 6:22-23).

“Subalit kapag ikaw ay maghahanda, anyayahan mo ang mga mahihirap, mga lumpo, mga pilay, at mga bulag. Kapag ganito ang ginawa mo, magiging mapalad ka, dahil hindi man nila masuklian ang ginawa mo, ang Diyos ang magbibigay sa iyo ng gantimpala sa muling pagkabuhay ng mga banal” (Luke 14:13-14).

“Kaya’t huwag tayong magsawa sa paggawa ng mabuti; pagdating ng takdang panahon tayo ay aani kung hindi tayo magsasawa” (Gal. 6:9).

“Kaya nga, mga minamahal kong kapatid, magpakatatag kayo at huwag matinag. Maging masipag kayo sa paglilingkod sa Panginoon, dahil alam ninyong hindi masasayang ang inyong paghihirap para sa kanya” (1 Cor. 15:58).

Sabi pa ni Randy Alcorn:

Although God's glory is the highest reason for any action, Scripture sees no contradiction between God's eternal glory and our eternal good. On the contrary, glorifying God will always result in our greatest eternal good. Likewise, pursuing our eternal good, as he commands us to do, will always glorify God. False humility that says, "I want no reward," effectively means, "I want nothing to lay at Christ's feet to bring him glory." (Kindle locations 2804-2807)

Warning to the Unfaithful

Kung sasabihin mo pa rin ngayon na okay lang sa iyong di tumanggap ng reward at okay lang din sa iyong hindi ka maging faithful sa misyong ibinigay ng Diyos sa buhay mo, hindi ka nagtitiwala sa grace at generosity ng Panginoon. Katulad ka ng pangatlong aliping ipinatawag ng Panginoon sa kuwento niya: Verses 20-21, "Lumapit ang isa pang alipin at ganito naman ang sinabi, 'Panginoon, narito po ang inyong gintong salapi. Binalot ko po ito sa panyo at itinago. Natatakot po ako sa inyo dahil kayo'y napakahigpit; kinukuha ninyo ang hindi sa inyo at inaani ang hindi ninyo itinanim.'" Merong iba na naniniwala na ang aliping ito ay kumakatawan sa mga Christians na unfaithful steward, worldly, at walang bunga. But I believe this is not a true Christian. Bearing fruit is proof that we are true disciples (John 15:8). Kung may bunga, nakay Cristo (John 15:4-5). Kung walang bunga, wala kay Cristo.

Paano natin makikitang ganoon nga itong pangatlong alipin. He is unfaithful toward the end of his life, indicating he doesn't have faith (Matt. 24:13). Oo nga't "alipin" siya, pero akala lang niya o ng ibang tao totoo siyang disciple. Tumawag siya kay Jesus na "Panginoon," pero di naman sumunod sa malinaw na utos na iinvest ang bigay sa kanya. Sinabi niyang natatakot siya sa Panginoon, pero hindi naman totoo. Inakusahan pa niyang "napakahigpit" ng Diyos at unjust. He doesn't really know Jesus.

Sabi ni Darrell Bock tungkol dito:

"The failure of his stewardship is no surprise in light of this attitude. This servant represents a person who has only an association with the Master. Perhaps the individual illustrated here is Judas... Some are associated with Jesus only superficially, and their lack of faith will be revealed at the evaluation of their life's stewardship" (*Luke, The IVP New Testament Commentary Series*).

Anong evaluation ni Jesus sa kanya? Tinawag siya ni Jesus na "masamang alipin" at hahatulan siya, hindi lang loss of rewards, but loss of life, suffering punishment. Verses 22-24, "Sinagot siya ng hari, 'Masamang alipin! Sa salita mong iyan ay hahatulan kita. Alam mo palang ako'y mahigpit at sinasabi mo pang kinukuha ko ang hindi sa akin at inaani ko ang hindi ko itinanim (sarcasm!). Bakit hindi mo na lamang idiniposit sa bangko ang aking salapi? May tinubo sana iyan bago ako dumating.' At sinabi niya sa mga naroon, 'Kunin ninyo sa kanya ang gintong salapi at ibigay sa may sampu.'" Sa kaugnay na parable sa Matthew, ganito ang judgment sa unfaithful steward: "And cast the worthless servant into the outer darkness. In that place there will be weeping and

gnashing of teeth” (Mat 25:30 ESV).

Hirap tayong intindihin bakit ganito ang Diyos natin. Tulad ng mga tao sa kuwento. Reaksyon nila, verses 25-26, “Panginoon, siya po’y mayroon nang sampung gintong salapi.” Sagot naman ni Jesus, “Sinasabi ko sa inyo, ang mayroon ay bibigyan pa, ngunit ang wala, kahit ang kaunting nasa kanya ay kukunin pa.” He is super-generous to those who trust in him. But, take note, he is very severe to those who don’t trust him. “Behold then the kindness and severity of God” (Romans 11:22 NASB).

“Only What’s Done for Christ will Last”

Malinaw sa kuwento ng Panginoon na itinuturo niyang ang buhay na hindi inilaan para sa paglilingkod sa kanya ay masasayang. Ngunit ang buhay na inilaan sa tapat na paglilingkod sa kanya ay hindi masasayang, kundi gagantimpalaan. Ibig sabihin, gugulin natin ang oras natin, ang lakas, ang kayamanan, kakayahan, talento, oportunidad, edukasyon, access sa technology, buong buhay natin nakalaan para sa misyon ni Jesus - to seek and to save the lost. Para akayin ang mga tao sa pagsunod kay Jesus hanggang sila din ay maging tapat na mga lingkod na aakayin naman ang iba sa pagsunod kay Jesus.

Tingnan natin ang maraming investment opportunities sa paligid natin. Grab them! Don’t hesitate. Ang church natin ay makikipagpartner sa Baliuag School of Music para sa libreng pagtuturo sa mga batang 7-15 taong gulang na walang kakayahang magbayad. Kung may kakilala kayo o anak ng kumare’t kumpare n’yo o kapitbahay n’yo, ayain n’yo. At itong mga magulang at mga anak nila ay isang napakalaking investment opportunity. Samantalain natin ‘to. Marami nang oportunidad ang dumaan, marami na ring nasayang. Huwag na nating papalagpasin pa ang mga susunod.

Tandaan mo: “Only one life ‘twill soon be past, only what’s done for Christ will last.” **Don’t waste your life now; invest it for eternity.**